Washington State Health Care Authority

# Pagpapalawak ng Apple Health February 2024 webinar

## Mga Madalas Itanong

Tingnan ang **fact sheet ng pagiging kwalipikado ng Pagpapalawak ng Apple Health** para sa overview ng programa. Saklaw ng sumusunod na FAQ ang mga katanungang hindi nasagot live sa webinar noong Pebrero 2, 2024 upang matutunan ng mga community-based na organisasyon ang tungkol sa mga transisyon sa kwalipikadong health plan (QHP, qualified health pplan), sa pag-aaplay sa pamamagitan ng Washington Healthplanfinder, at, sa aplikasyon at pagpapatala.
**Tingnan ang webinar** | **Mga slide ng presentasyon**

Mga naisaling slide ng presentasyon: **Amharic** | **Arabic** | **Cambodian** | **Chinese** | **Russian** | **Spanish** | **Tagalog** | **Ukrainian** | **Vietnamese**

### Permanenteng programa ba ang Pagpapalawak ng Apple Health?

Lumalabas ang Pagpapalawak ng Apple Health sa operating budget ng estado. Kailangang magdesisyon ng lehislatura ng Estado na i-codify ang programa upang maging permanente ito.

### Kailan dapat mag-aplay ang mga indibidwal para sa Apple Health Expansion?

Maaring mag-aplay ang mga indibidwal para sa Apple Health Expansion simula sa mga huling linggo ng Tagsibol 2024 Ibabahagi ang eksaktong petsa sa Apple Health webpage. **Mag-sign up para sa mga update sa email** upang maabisuhan kung kailan available ang aplikasyon.

### Ilang tao ang maitatala sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Limitado ang budget sa Pagpapalawak ng Apple Health. Kailangang mapanatili ng HCA ang ganoong budget sa pamamagitan ng pagkontrola sa bilang ng mga taong maaaring magpatala sa programa. Hindi pa natukoy ang bilang na ito. Hinihikahat namin ang mga taong interesadong mag-aplay na **mag-sign up para sa mga update sa email**.

### Paano mapoproseso ang mga aplikasyon sa Pagpapalawak ng Apple Health sa Washington Healthplanfinder?

#### Ang mga kliyenteng hindi nakatala sa Saklaw sa Kalusugan ng mga Imigrante (Immigrant Health Coverage, IHC) o saklaw sa Pang-emerhensyang Medikal ng mga Dayuhan (Alien Emergency Medical, AEM).

Ang mga taong mayroon nang account sa Washington Healthplanfinder ay mangangailangang mag-update ng kanilang impormasyon bago mag-aplay para sa Pagpapalawak ng Apple Health. Ang mga indibidwal na wala pang account sa Washington Healthplanfinder ay maaaring lumikha sa **wahealthplanfinder.org**. Sa oras na matukoy ang pagkakaroon ng pagtatala base sa limitadong budget, matatala ang mga tao sa Pagpapalawak ng Apple Health base sa kung sino ang nauna.

#### Ang mga kliyenteng nakatala sa IHC QHP o AEM na programa (awtomatikong paglilipat sa Pagpapalawak ng Apple Health)

Mga indibidwal na kasalukuyang nakatala sa IHC QHP o sa AEM na programa na karapat-dapat ay malilipat sa Pagpapalawak ng Apple Health sa Hulyo 1, 2024. Sa oras na matukoy ang pagkakaroon ng pagtatala base sa limitadong budget, matatala ang mga tao sa Pagpapalawak ng Apple Health base sa kung sino ang nauna.

### Anong mga materyales sa pag-outreach ang mabubuo upang suportahan ang mga komunidad na mas gusto ang sinasalitang wika?

Plano ng HCA na lumikha ng video sharing tungkol sa Pagpapalawak ng Apple Health. Ang video script na ito ay malawakang ibabahagi sa mga stakeholder ng komunidad upang lumikha ng kanilang sariling bersyon sa pagsalin. Mapapalawak nito ang pakikipag-ugnayan ng komunidad para sa mga mas gusto ang sinasalitang wika kaysa nakasulat na materyales.

## Mawawala ba ang subsidiya ng mga kliyenteng naka-enrol sa IHC QHP kapag ilulunsad ang Pagpapalawang ng Apple Health?

Ang mga indibidwal na nakatala sa IHC QHP na may income na mas mababa sa 138% na limit ng pederal na kahirapan ay mawawalan ng pederal na subsidiya kung pipiliin nilang manatili sa kanilang QHP. Ito ay dahil hindi eligible ang mga kliyente sa mga pederal na subsidiya kapag nagpatala sila sa isang programa ng Apple Health.

## Anong mga serbisyo ang saklaw sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health ang mga serbisyo sa kalusugang pisikal at pag-uugali, dental, hindi pang-emergency na transportasyong medikal, at mga serbisyo ng tagapagsalin. Hindi saklaw sa ilalim ng Pagpapalawak ng Apple Health ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta.

Saklaw ba ng Pagpapalawang ng Apple ang:

- **Paggamot at mga serbisyo para sa HIV?**

  Oo, saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health ang paggamot at mga serbisyo para sa HIV.
- **Mga serbisyo sa Transhealth?**

  Oo, saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health ang mga serbisyo sa Transhealth.
- **Mga organ transplant?**

  Saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health ang mga tissue at organ transplant para sa puso, bato, atay, bone marrow, baga, puso-baga, lapay, bato-lapay, cornea, maliit na bituka, at peripheral blood stem cells.

## Paano maaabisuhan ang mga kliyenteng nakatala sa IHC QHP na lilipat sa saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health?

Ang mga kliyenteng lilipat mula sa IHC QHP ay makakatanggap ng sulat na mag-aabiso sa kanila ng kanilang opsyon na huwag sumali sa paglilipat sa Pagpapalawak ng Apple Health. Bibigyan nito ang mga kliyente ng oportunidad na siguraduhing tinatanggap ng kanilang mga provider ang Apple Health bago ang paglilipat.

## May babayaran ba ang mga kliyente upang magpatala o gumamit ng saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health?

Ang saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health ay libre. Walang gagastusin o katumbas na babayaran ang mga kliyente kapag gagamit ng mga serbisyong saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health.

## Karapat-dapat ba ang mga American Idian o Alaska Native na mga indibidwal sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Sa karamihan ng mga kaso, hindi karapat-dapat ang mga American Indian o Alaska Native na indibidwal sa Pagpapalawak ng Apple Health dahil kwalipikado sila sa ibang programa ng Apple Health kung matugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat. Kasama dito ang mga saklaw sa ilalim ng Jay Treaty.

## Kakailanganin ba ang card ng pagkakakilanlan (ID) upang mag-aplay para sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Hindi kinakailangan ang mga kliyenteng magbigay ng ID para mag-apply. Pinapadali ng pagbibigay ng ID ang pagberipika ng pagkakakilanlan ng mga kliyente sa sistema ng aplikasyon.

## Kasama ba sa Pagpapalawak ng Apple Health ang mga refugee na legal na naririto?

Hindi kasama ang mga refugee sa 5-taong-bar at maaaring maging kwalipikado para sa ibang mga programa ng Apple Health. Dahil dito, hindi sila kwalipikado sa Pagpapalawak ng Apple Health.